




ANG MISYON NG SK RAPID VIENNA

■ ANG SK RAPID AY ISANG KOMUNIDAD.

Ang aming natatanging samahan ay nakaugat sa pagkakaisa ng mga pamilya, mga kapitbahayan at mga manggagawa sa distrito ng Schmelz. Mula pa noon, ang telang may luntian o verde at puting kulay ay ginamit bilang tali na nagbigkis sa aming lahat bilang simbolo ng aming pag-iisa. Hinugis kami nito bilang pinakamalaki at pinakamatagumpay na football club sa Vienna at sa buong bansa ng Austria. Upang mapanatili ang pagkakaisang ito, pinapairal namin, bilang pamilya ng Rapid, ang pantay-pantay na pagkikilala sa isa't isa, at ipinapamalas sa bawat isa ang katapatan at pagtitiwala.

■ ANG SK RAPID AY SUMASALAMIN SA MGA KARANGALANG BATAY SA TRADISYON.

Mula noon at hanggang ngayon, ang aming pangalan ay Sportklub Rapid. Luntian o verde at Puti ang aming kulay. Ang aming palong ay nakaukit sa bato. Mula nang kami ay itinatag, hindi kami sumuko at ipinaglaban namin ang aming tagumpay sa pamaraan ng buong pagtataya ng aming sarili. Ang Rapid-Viertelstunde (mga labing limang minuto na tugon ng karamihan ng fans, tuwing may 75- minutong pakikipagtagisan) ay isang pagpapahayag ng aming kalooban na makamit ang aming adhikain. Haharapin namin ang bawat tagisan nang may matatatag na kalooban at pagtitiwala sa sarili. Bilang isang kopon o team, kami ay laging handang sumugod, puno ng gilás, tumatahak sa pinakamaiksing landas tungo sa tagumpay. Makikipagtuos kami sa kalaban, sa patas at buong paggalang na pamamaraan. Sa lahat ng panahon, kami ay nanatiling may sigla, dangal, at pagmamalasakit upang makamit ang karangalan ng Rapid.

■ ANG TAHANAN NG SK RAPID AY HÜTTELDORF.

Dito sa Hütteldorf kami lumago. Dito pumipintig ang puso ng kalinangan ng aming club. Vienna ang aming siyudad. Hinuhugis kami nito, at ito ay aming kinakatawan. Bukod dito, ang buong Austria ay kinikilala namin na aming tahanan; pinakamahalagang club ng bansa, na may pangalang walang bakod ang pagkakikilala.

■ ANG SK RAPID AY BUKAS PARA SA LAHAT.

Ang pagkakaibaiba ng mga pook o bansang pinanggalingan at pagkakaibat-ibang rasa ng aming mga kabilang o miyembro ay ang makina ng aming tagumpay. Kaya kami, na mula sa iba't ibang tungkulin sa lipunan ay nagsusulong ng isang komunidad na bukas sa lahat, kung saan ang bawat isa na nag-iisip sa kapakanan ng klab ay may karapatang maging miembro ng pamilya ng RAPID. Hindi nakabatay sa kasarian, pananampalataya, antas o estado sa lipunan, napiling pamumuhay ang mapabilang nito. Dahil nagmula ito sa hanay ng mga manggagawa, isinusulong namin ang paggabay sa mga taga-sunod ng RAPID (Luntian at Puti) na hindi nakaangat sa lipunan.

■ ANG SK RAPID AY ANG MAY PINAKARAMING PAGPUPUGAY AT PREMYO NG TAGUMPAY SA BANSANG AUSTRIA.

Ang tagumpay ay ang aming pamana at patutunguhan. Ang aming palaging layunin ay ang mananatiling nagunguna sa lahat. Kahit saan man at kahit kailan man, sa tagisan dito sa mundo, nais naming manalo. Upang makamit ito, kailangan ang ekonomikong pagkilos ayon sa pamamaraang matatag, malikhain, at wastong pagpapalano. Mahalaga ang aming kasarinlan. Sa pamamagitan nito, nanatili kaming tapat sa mga pinahahalagahan namin at ipinapamana ang mga ito sa susunod na henerasyon ng mga Luntian At Puti, buong pagtitiyak na ang buklurang kalooban na lumaban at magtatagumpay- Ang Diwa ng Rapid- ay maisaling lahi sa hinaharap.